
The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church

Vol. 11 • Issue No. 40 • October 8, 2023 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

# AM I A Living Christian? (PART 2)



**Acts 2:36-47 (NKJV)**

36"Therefore let all the house of Israel know assuredly that God has made this Jesus, whom you crucified, both Lord and Christ." 37Now when they heard this, they were cut to the heart, and said to Peter and the rest of the apostles, "Men and brethren, what shall we do?" 38Then Peter said to them, "Repent, and let every one of you be baptized in the name of Jesus Christ for the remission of sins; and you shall receive the gift of the Holy Spirit. 39For the promise is to you and to your children, and to all who are afar off, as many as the Lord our God will call." 40And with many other words he testified and exhorted them, saying, "Be saved from this perverse generation." 41Then those who gladly received his word were baptized; and that day about three thousand souls were added to them. 42And they continued steadfastly in the apostles' doctrine and fellowship, in the breaking of bread, and in prayers. 43Then fear came upon every soul, and many wonders and signs were done through the apostles. 44Now all who believed were together, and had all things in common, 45and sold their possessions and goods, and divided them among all, as anyone had need. 46So continuing daily with one accord in the temple, and breaking bread from house to house, they ate their food with gladness and simplicity of heart, 47praising God and having favor with all the people. And the Lord added to the church daily those who were being saved.

**Introduction**

**What are the differences of a living and a dead?**

As children of God, we need to understand a living Christian life.

**I. God is the beginning, middle, and goal of the Christian life.**

**II. How to live the Christian life?**

**A. The Christian life is a devoted life. (v. 42)**

1. To be devoted means to continue steadfastly in the things of God. It means you are strong toward these things. God's things shape who you are, the way you think, and the things you do. The Father, Son, and Spirit have an impact on your everyday living.

2. These are the lives of devoted Christians. They are really just Christians. There is no such thing as Christians and then devoted Christians. There is only one type of believer.

**B. Christians live devoted to God through His word. (v. 42)**

1. They "continued steadfastly in the apostles' teaching." Christians are dependent upon Jesus Christ. When we read the Scriptures, it is the living and active word of God. This book, by the Spirit's power, reveals Christ Himself. We abide in Christ by abiding in His word.

2. This continuing devotion to the word of God characterizes a Christian and a New Testament church. As we listen to God, we are transformed into His image. Those who want more of God look for more of Him through His word.

**C. Live devoted to Christ through His people. (v. 42)**

1. They devoted themselves to fellowship. They devoted themselves to being together.

2. In Acts 2, what was at the center of the fellowship? What must be at the center of our fellowship? The better question is this: who must be at the center of our fellowship? It must be Jesus Christ.

**Matthew 18:20**

"For where two or three are gathered together in My name, I am there in the midst of them."

**D. Christians live devoted to Christ through the Lord's Supper. (v. 42)**

1. Who is the center of the Lord's Supper? Is it not Jesus Himself, the center of us and of all that we do?

*continue on page 14* >>



**Rev. Morrell B. Estrellado**

*Associate Pastor*

21ST MEDICAL-DENTAL-OPTICAL OUTREACH MISSION

# Pagbubunga ng mabubuting gawa PARA SA DIYOS




Sa bawat pusong nagnanais na maibahagi ang Mabuting Balita at pag-ibig ng Panginoong Hesus, matagumpay na naisagawa muli ang makabuluhang gawain ng Diyos. Bagama't naantala dahil sa banta na dala ng bulkan, ang UCF ay nagpatuloy sa 21st *Medical-Dental-Optical Outreach Mission* nito noong Oktubre 7, Sabado, sa Mt. Tabor Church, Cabuyao, Laguna na dinaluhan ng higit limang daang mga benepisyaryo.

Handog ng UCF ang tulong pangkalusugan, mga libreng gamot at Salita ng Diyos na nagbigay kalakasan at pag-asa sa lahat na siya ring pagpapalaganap pa ng Kaharian ng Diyos. Sa pagtutulong-tulong ng bawat manggagawa kasama ang mga boluntaryong doktor ay matagumpay na naisagawa ang makabuluhang gawain.

Muling naitanghal ang Ngalan ng Diyos dahil sa mabubuting gawa ng ministeryo ng UCF. Purihin ang Panginoon sa Kaniyang dakilang plano!

## Registration SECTION

Maaga pa lamang ay dagsa na ang mga tao para sa libreng konsultasyon at mga gamot. Ang bawat benepisyaryo mula bata hanggang matanda ay buong puso na tinanggap ng pamilya ng UCF. Sila ay inasikaso at ginabayan ng mga boluntaryo patungo sa mga estasyon ayon sa iba't iba nilang mga pangangailangang pangkalusugan.





*Buong galak na sinalubong ng mga manggagawa ang mga benepisyaryo.*





*Isa-isang dumaan sa screening ang mga benepisyaryo upang malaman ang kasalukuyang estado ng kanilang mga kalusugan na makakatulong sa kanila.*



**Matthew 16:18 (NKJV)**

And I also say to you that you are Peter, and on this rock I will build My church, and the gates of Hades shall not prevail against it.

# *Vital Signs* SECTION

Ang mga benipisyaryo ay kinuhanan ng taas, timbang, temperatura at *blood pressure* bago pa man sila tuluyang makapanayam ang mga doktor ng *medical*, *optical* at *dental*.







*Ang mga boluntaryo ay tulong-tulong upang mapagserbisyuhan ang ating mga kababayan sa Laguna.*

# *Pharmacy* SECTION

Matapos ang konsultasyon ng mga benepisiyaryo, ang bawat isa ay niresetahan at binigyan ng mga gamot. Ito ang huling estasyon na pupuntahan ng mga benepisiyaryo bilang pagkumpleto sa kanilang naging serbisyong medikal.





Nag-uwi rin ng libreng gamot at bitamina ang mga benepisiyaryo na makakatulong sa kanilang tuluyang paggagamot.

*Masayang tinanggap ng bawat benepisiyaryo ang kanilang mga libreng gamot na kanilang kailangan base sa naging konsultasyon.*

Now I plead with you, brethren, by the name of our Lord Jesus Christ, that you all speak the same thing, and that there be no divisions among you, but that you be perfectly joined together in the same mind and in the same judgment.

**1 Corinthians 1:10 (NKJV)**

# *Medical* SECTION

Inilapit ng mga benepisyaryo ang kanilang mga pisikal na karamdaman sa mga doktor. At dahil dito ay nabigyan sila ng mga payo at *diagnosis* ukol sa kondisyon ng kanilang mga kalusugan. Isang malaking pagpapala rin ang kaganapang ito dahil ang mga diagnosis ay tiyak na makakatulong upang mapangalagaan nila ang kanilang mga pangangatawan. Maliban pa rito ay nabigyan din ang mga benepisyaryo ng mga libreng gamot na nireseta ng mga doktor.




*Kaunti man ang mga boluntaryong doktor ngunit ang Panginoon ang tapat na nagpuno sa lahat ng kakulangan.*





*Sa pamamagitan ng outreach mission na ito, pami-pamilya ang napagpala sa pisikal at higit sa espiritwal na aspeto.*











*Ang ministeryo ng Mt. Tabor Church ay nagsilbing daluyan ng pagpapala sa mga kababayan natin mula sa Cabuyao, Laguna at maging sa mga karatig na lugar dito. Ang bawat manggagawa ay higit ding napagpala dahil sila ay naging instrumento para sa mga mabubuting gawa ng Diyos.*





**1 Corinthians 3:10-11 (NKJV)**

10 According to the grace of God which was given to me, as a wise master builder I have laid the foundation, and another builds on it. But let each one take heed how he builds on it. 11 For no other foundation can anyone lay than that which is laid, which is Jesus Christ.

# *Optical* SECTION

Para naman sa mga pasiyenteng may kalagayan sa kanilang mga mata ay nagkaroon sila ng pagkakataon na maipatingin ito sa mga *optometrist* na may abilidad suriin ang kanilang mga paningin. Sumailalim sila sa *eye testing machine* upang malaman ang kondisiyon ng kanilang mga mata at mabigyan sila ng tamang konsultasiyon. Nagbigay rin ng libreng salamin sa mata na may lenteng naaayon sa kanilang grado.







**233 TOTAL OPTICAL BENEFICIARIES**



*Detalyadong dumaan sa pagsusuri ang mga pasiyente para sa maayos na pagpapatingin ng kanilang paningin.*











*Ang mga boluntaryong doktor ay maingat na tiningnan at inagapan ang mga kondisiyon sa mata ng mga benepisiyaryo.*



There are many plans in a man's heart, Nevertheless the Lord's counsel—that will stand.

**Proverbs 19:21 (NKJV)**

# Dental SECTION

Tulong-tulong naman ang mga *volunteer-doctor* kasama ang ilan sa mga boluntaryo ng panambahan sa pagbibigay ng serbisyong dental sa mga benepisyaryo. Isa ito sa mga tulong na handog ng panambahan ng UCF higit lalo para sa mga kapus-palad na pamilya sa Cabuyao, Laguna. Ang bawat pasyente ay nakatanggap ng libreng pagpapabunot at maging mga gamot para rito.




*Ang bawat benepisyaryo ay matiyagang naghihintay upang mabunutan ng ngipin.*




**137 TOTAL DENTAL BENEFECIARIES**













*Ang ilang mga boluntaryo naman ay nakatalaga sa paglilinis at pag-sanitize ng mga aparatong ginagamit ng mga dentista.*

**2 Timothy 1:9 (NKJV)**

Who has saved us and called us with a holy calling, not according to our works, but according to His own purpose and grace which was given to us in Christ Jesus before time began

# *Evangelism* SECTION

Ang maibahagi ang kabutihan at wagas na pagmamahal ng Panginoon ang pangunahing hangarin ng Kaniyang mga anak. Ang *outreach mission* ay isang oportunidad upang hindi lamang makatulong sa pisikal na kalusugan ng mga tao, kung hindi ay maipakilala sa kanila ang Diyos bilang isang Tagapagpagaling, Tagapagligtas at Panginoon na magbabago ng kanilang buhay. Tunay ding pinagpala ang UCF sapagkat sila ay nagsilbing instrumento upang ihayag ang kabutihan ng Diyos.



*Namahagi rin ng mga track o babasahin upang kanilang lubos na maunawaan ang buhay na alay ng Diyos.*




*Bagama't mainit at tagaktak sa pawis habang naghihintay sa bawat serbisyo, matiyaga namang kinausap ng mga manggagawa ang bawat benepisyaryo upang ihayag ang pag-ibig ng Panginoon.*



Let each one remain in the same calling in which he was called.

**1 Corinthians 7:20 (NKJV)**

# *Photobooth* SECTION

Bilang pag-alala sa mga espesyal na kaganapan sa *outreach mission* ay nagbukas ang UCF ng *photobooth area*. Ito ay upang magkaroon ang mga benepisyaryo ng kanilang larawan sa masayang araw na sila ay nakatanggap ng pagpapala sa pamamagitan ng pamilya ng UCF. Maging ang kapatiran ay hindi pinalampas ang pagkuha ng litrato at masayang pinakita ang kanilang mga ngiti sa kabila ng pagod na nadarama matapos ang gawain. Papuri sa Diyos sa katagumpayan ng gawaing ito.




*Masayang nakatanggap ng libreng check-up ang lahat. Maging ang kanilang mga anak ay nasuri ng mga espesyalista at nabiyayaan ng libreng gamot at mga bitamina.*







*Ang libreng pagpapagamot ay malaking tulong sa komunidad ng Cabuyao at Calamba, Laguna. Nakatanggap din sila ng iba pang pagpapala tulad ng salamin sa mata, antibiotic, bitamina at shampoo. Pasasalamat at papuri sa Diyos ang namutawi sa kanilang mga labi.*

**Ephesians 2:19-20 (NKJV)**

19Now, therefore, you are no longer strangers and foreigners, but fellow citizens with the saints and members of the household of God, 20having been built on the foundation of the apostles and prophets, Jesus Christ Himself being the chief cornerstone.

# *Certificate* GIVING




Ang mga doktor ay buong kagalakan ding sinalubong ng pamilya ng UCF sa pangunguna ni Rev. Dr. William Sy.

Ang lahat ng mga *professional doctor* na inimbitahan para sa programang ito ay inabutan ng kaniya-kaniyang *Certificate of Appreciation* upang ipakita ang pasasalamat sa kanilang inilaan na serbisyo at oras para sa gawain. May ilang *token* din na ibinigay bilang *souvenir* sa gawain at pag-alala na sila ay naging kabahagi ng isang kagila-gilalas na pagkilos ng Diyos sa pag-abot sa mga taong nangangailangan.






*Purihin ang Diyos sa pagdako Niya ng mga doktor at mga kapitan sa UCF upang maging instrumento ng pagtulong sa komunidad ng Cabuyao at Calamba.*




[21]in whom the whole building, being fitted together, grows into a holy temple in the Lord, [22]in whom you also are being built together for a dwelling place of God in the Spirit.

**Ephesians 2:21-22 (NKJV)**

# Mga Patotoo

Bilang pagpapasalamat ng mga benepisyaryo sa nagdaang 21st Medica-Dental-Optical-Outreach Mission sa Mt. Tabor ay narito ang ilan sa mga patotoo at pagluwalhati ng mga benepisyaryo sa Panginoon nang sila ay mapagpala at maabot ng pag-ibig at kabutihan ng Diyos

*"Napaka-blessed ng araw na ito lalo na sa akin at sa aming kabarangay kasi nagkaroon ng medical mission ngayong araw. Nagpapasalamat ako sa mission na ito dahil libre ang pasalamain at libre ang bunot. Thank you sa Panginoon at sa UCF para sa medical mission na ito. Malaking tulong po ito sa aming Barangay Casile."*



Helen De Leon

Purok 2

*Nagpapasalamat ako sa Lord na kasama ako dito sa medical mission. Masaya sa pakiramdam na makatulong lalo na sa mga senior at sa mga bata.*



Roselyn Buenaobra

UCF Volunteer

*"Masaya ako na nagkaroon ng medical mission dito dahil nagkaroon kami ng pgakakataon para magpacheck-up lalong lalo na sa mga anak ko at sa akin. Nagkaroon din ako ng pagkakataon para magpacheck up sa mata kaya tuwang tuwa kami."*



Nely Gamueta

Dapdap East

*Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa tulong ninyo, dahil kayo ang naging way para mabigyan kami ng gamot at libreng check-up.*



Mary Grace Payad

Dapdap West

*Mahal ang ganitong konsultasyon kasi wala naman kaming kakayanan na bumili ng salamin lalo na sa mga matataas na ang grado dahil mataas narin ang bayad sa mga ganon kaya malaking bagay ito sa amin. Malaking pasalamat sa Panginoon dahil nabigyan kami ng mga ganitong bagay na libre at kami ay napagbigyan ninyo at napahalagahan.*



Fortunato Gumabac

Purok 3

*I am so blessed kasi nagkaroon ng ganitong serbisyo sa amin. Katulad ko na may dating salamin ngunit dahil nasira ito, hindi ko na nagagamit kaya napaka-blessed ko dahil magkakaroon na ako ulit ng salamin.*



Zandra Mendoza

Dapdap East

*Noong isang araw ay nahilo ako kaya sabi ko, "Thank you, Lord at may pacheck-up ngayon." Nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil sa kabila ng kahirapan ng buhay ginabayan ako ng Lord dito para makapagpa-check up ako ng mata dahil wala naman kaming pera.*



Leona Estayo

Purok 4

**Salamat sa Diyos sa oportunidad na ito na sila ay maabot ng pagmamahal at ng Kaniyang Salita!**

**1 Peter 2:4-5 (NKJV)**

4 Coming to Him as to a living stone, rejected indeed by men, but chosen by God and precious, 5 you also, as living stones, are being built up a spiritual house, a holy priesthood, to offer up spiritual sacrifices acceptable to God through Jesus Christ.

# First Sunday Worship Service

**M**asayang ginunita ang unang *Sunday Worship Service* noong Octukbre 1, 2023 sa UCF Mt. Tabor Church. Sa tulong ng Panginoon, nagsimula nang makadalo ang mga taong nais Siyang makilala pa sa kanilang mga buhay,

Iba't ibang barangay ang dumalo at nakapakinig ng Salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng buhay ni Head Pastor Rev. Dr. William Sy, ang mga dumalo ay nataniman ng Salita ng Diyos na kanilang panimula sa pagkilala sa ating Panginoong Hesus. Isang pamilya ring kinamusta ng mga manggagawa ang mga kapatid natin upang sila rin ay patuloy na magtiwala sa ating Panginoong Diyos anuman ang sitwasyon nila sa buhay.

Simula pa lamang ito ng marami pang pagkilos ng Panginoon sa Kaniyang ministeryo. At ang *vision* at *mission* na Kaniyang ibinigay sa Kaniyang lingkod na si Rev. Dr. William Sy ay patuloy na pagtitiwalaan ng Kaniyang mga anak na handang sumunod at maglingkod sa Kaniya.





*Sa pangunguna ng praise and worship team, ang bawat isa ay umawit at umindak sa tugtugang nagdedeklara ng kanilang tiwala sa Diyos.*





*Sama-samang nagpupuri ang bawat mananampalataya sa ating Panginoon habang nararanasan ang Kaniyang banal na presensiya.*









*Ang pag-abot sa kamay sa kapatiran ay isang paraan ng pagpapakita at pagbabahagi ng pagmamahal na siyang nagmula rin sa Diyos Ama.*

4 Coming to Him as to a living stone, rejected indeed by men, but chosen by God and precious, 5 you also, as living stones, are being built up a spiritual house, a holy priesthood, to offer up spiritual sacrifices acceptable to God through Jesus Christ.

**1 Peter 2:4-5 (NKJV)**

# Probisyon sa gawain ng Diyos









*Ang kalalakihan ay nagpalitada ng mga pader ng bagong kusina sa ibaba. Nilinis na rin ang kalooban nito bilang paggamit sa la lugar.*

Ang pagpapaganda sa ministeryo na pinagkaloob ng Panginoon sa UCF ay hindi natatapos at patuloy na ginagawa upang lubos pa itong magamit para sa ikalalago ng panambahan.

Nitong linggo lamang ay isinaayos ang ilang daanan para sa mas ligtas na lakaran sa tulong ng mga boluntaryo. Marami mang pisikal na gawain ngunit napapawi ang kanilang mga pagod dahil sa pagsasama-sama nila bilang isang kapatiran na mayroong iisang Ama na gumagabay at nagpapalakas sa kanila.

Tinapos na rin ang paglalagay ng mga lababo sa bagong kusina para sa marami pang paggamit nito sa hinaharap tulad na lamang ng paghugas ng mga rekados na gagamitin sa mga masasarap na putahe na kanilang ihahanda sa mga paparating na programa.



*Mayroon na ring nagawang dalawang lababo at nailagay na mga gas stove at gasul para sa pagluluto ng mga pagkain.*



*Napinturahan na rin ang loob at labas ng kusina na nakapagpaaliwalas sa itsura nito.*





*Ang mga daanan naman ay nilagyan ng mga karagdagang blokeng semento sa mga gilid para gamiting pangharang.*

**Ephesians 2:19-20 (NKJV)**

19 Now, therefore, you are no longer strangers and foreigners, but fellow citizens with the saints and members of the household of God, 20 having been built on the foundation of the apostles and prophets, Jesus Christ Himself being the chief cornerstone,

# BIBLE STUDY

Ang lingguhang *Bible study* ay patuloy na ginagamit ng Panginoon upang mabuksan sa katotohan ng ebanghelyo ang mga anak Niyang Kaniyang tinawag sa kaligtasan.

Sa mga nakalipas na linggo ay hindi maikakaila na ang *Bible study* ay nakapagtanim ng Mabuting Balita ni Hesus sa mga taong dumadalo sa UCF Mt. Tabor Church kung saan nagaganap ang gawain. Sa pagbabahagi ng patotoo at Salita ng Diyos ng ating mga butihing pastor ay naipapakalat ang Kaniyang mga dakilang plano sa mga nais lumakad sa Kaniyang kalooban.

Kasalukuyang natataniman ang bawat mananampalataya ng binhi ng ebanghelyo. At para sa mga manggagawa naman ng Panginoon, ang bawat isa ay naniniwala na ang Diyos ang magpapatubo at magpapalago nito sa mga puso ng mga tumutugon sa Kaniya.


Sa pangunguna ng ating mga pastor ay ipinapanalangin ang mga taong nangangailangan sa Diyos at nais lumapit sa Kaniya.


*Patuloy ang fellowship at panalangin ng mga manggagawa sa ating mga kapatid na mayroong espiritwal na pangangailangan.*


Sama-samang nagpupuri ang bawat mananampalataya sa ating Panginoon habang nararanasan ang Kaniyang presensiya.









[21]in whom the whole building, being fitted together, grows into a holy temple in the Lord, [22]in whom you also are being built together for a dwelling place of God in the Spirit.

**Ephesians 2:21-22 (NKJV)**

## Am I a Living...

*» from page 1*

In the Lord's Supper, we gather together to celebrate and to proclaim the Lord's atoning death until He returns.

2. We are His ransomed people longing for His glorious return. Because the Lord's Supper is a tangible way of celebrating the Christ that makes us Christian, it is no surprise that the church should be devoted to it.

**E. Christians live devoted to Christ through prayer. (v. 42)**

1. Praying was central to the life of the early church. Praying to God in the temple as these Jews had always done was natural. If God exists and we are His people, then prayer just makes sense. And setting a time to do it every day is not a bad idea either. God's people have always been a singing people and God's people have always been a praying people.

2. The people of God are committed to fulfilling the purposes of God. They know their insufficiency and God's sufficiency, so they pray. The moment we feel the weight of the fact that we can't do it, we will start praying.

**III. The Christian life is life together.**

**A. When Christ is our center, we will see amazing things. (v. 43, v. 47b)**

1. When the power of Christ rested upon them, they became strong. Awe came upon every soul, and many wonders and signs were being done through the apostles.

2. They were "having favor with all the people. And the Lord added to their number day by day those who were being saved." The people of God were encountering the presence of God and their neighbors could tell the difference. The presence of Christ made such a difference in their lives that their neighbors were being saved.

**B. When Christ is our center, we will be united. (v. 44)**

1. All who believed were together. Literally they "were on the same." When we all want the same thing, there will be unity. When we all depend on the same, happening there will be unity.

2. When Christ is what we want and the reason we do what we do, there will be unity. Do you see how believing in Jesus and being together just fit? "And all who believed were together."

**C. When Christ is our center, we will meet each other's needs. (v. 45)**

1. And all who believed were together and had all things in common. And they were selling their possessions and belongings and distributing the proceeds as any had need. Possessions and belongings relate to real estate and personal property.

2. When there is a need, you meet it. This also implies that you know people well enough to know when there is a need.

**Challenge**

- Am I a living Christian?
- It's time to begin.

1. Respond to God's call by repentance and faith.
2. Be forgiven, be baptized, and receive the Holy Spirit.
3. Live a Christ-centered life every day.
4. Be a living part of the fellowship.
5. Let your Christian life be used for others.

### SERMON NOTES

Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.







### SHARE HIS WORD



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replays of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

### CONTACT US

UCF WORSHIP CENTER
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

### WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
9:00AM (Parañaque)
3:00PM (Cabuyao, Laguna)

**MIDWEEK SERVICE**
Thursdays at 7:00PM
Parañaque

**DAILY PRAYER**
6:00PM

**BIBLE STUDY**
Tuesdays at 6:00PM
Cabuyao, Laguna

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services

Facebook YouTube